

## **A Pahayag at inspirasyon. 1 Pedro 1:10-11.**

- ❖ Ang pahayag ay ang kaalaman na ipinabatid ng Banal na Espiritu tungkol sa mga bagay na hindi natin maunawaan sa pamamagitan ng ating mga sarili.
- ❖ Ang inspirasyon ay kung papaano sinasabi ng Banal na Espiritu ang katotohanan sa pamamagitan ng mga tao.

## **B Ang banal na Espiritu at ang pinag-mulan ng Salita:**

### ❖ **Tagapagpahayag. 1 Corinto 2:10.**

- Paano natin malalaman ang kalooban ng Diyos kung hindi ito inihayag ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Kaniyang Salita?
- Ang mga katotohanan sa Biblia ay direktang pahayag mula sa Diyos. Ang mga ito ay hindi kaisipan ng tao o mga interpretasyon ngunit sa Diyos.

### ❖ **Tagapagbigay ng inspirasyon. 2 Pedro 1:21.**

- Ginabayan ng Diyos ang mga may-akda ng Biblia na ipaliwanag ang Kaniyang mga kaisipan sa isang maaasahan at mapagkakatiwalaang pamamaraan sa pamamagitan ng kanilang sariling inspiradong mga salita.
- Ang proseso ng pagsulat ay kakaiba para sa bawa't tao at bawa't sandali.
  - (a) Minsan sila ay nakatatanggap ng eksaktong mga salita na pinasisimulan ng “Ganito ang sabi ng Panginoon,” (Isaias 37:6).
  - (b) Minsan ay nakakikita sila ng mga pangitain o panaginip na kanilang inilarawan sa pamamagitan ng kanilang sariling mga salita (Ezekiel 1:4).
  - (c) Minsan sila ay nagsisiyasat at nananaliksik upang ipaliwanag ang mga katotohanan at ang mga turo ng may kaayusan (Lucas 1:6).

### ❖ **Matapat. Awit 119:160.**

- Ang ilang mga tao ay nagdududa na ang Biblia ay tunay dahil hindi nila nauunawaan ang konteksto o hindi nila matanggap ang mga kahanga-hangang katotohanan dito.
- Ang Diyos ay hindi makapagsisinungaling (Hebreo 6:18). Samakatuwid, ang lahat ng Kaniyang sinabi sa pamamagitan ng Kaniyang Salita ay KATOTOHANAN.
- Hindi natin mahuhusgahan ang Biblia; ang ating mga kaisipan ang kinakailangang mahusgahan sa pamamagitan nito.

## **C Ang Banal na Espiritu at ang Salita ngayon.**

### ❖ **Ating tagapagturo. Juan 16:13.**

- Hindi natin mauunawaan ang mga katotohanan sa Biblia sa pamamagitan ng ating sariling pangangatwiran, dahil ang mga espirituwal na katotohanan ay kinakailangang maunawaang espirituwal (1Cor. 2:13). Iyon ang dahilan kung bakit ang Banal na Espiritu ay tinutulungan tayo na:
  - (a) Maunawaan ang doktrinal na mga katotohanan sa Biblia.
  - (b) Maunawaan ang katotohanan tungkol sa atin.
- Sa oras na pagpasyahan nating tumugon sa pangunguna ng Banal na Espiritu at may kapakumbabaan na tanggapin ang makalangit na intruksiyon sa Biblia, ang ating mga buhay ay binago sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, at ang ating mga kaisipan ay protektado laban sa mga panlilinlang ng demonyo.

### ❖ **Walang kontradiksiyon. Juan 5:46-47.**

- Maaari ba tayong patubayan ng Banal na Espiritu sa isang katotohanan tungkol kay Jesus (o iba pang mga doktrina) na sumasalungat sa Biblikal na mensahe (Juan 16:13-14)?
- Ang Banal na Espiritu ay hindi makasasalungat sa Salita ng Diyos. Kung sasabihin ng sinoman na siya ay pinakikilos ng Banal na Espiritu ngunit nagtuturo ng mga doktrina na sumasalungat sa Biblia, sa gayon ay hindi siya nagsasabi ng katotohanan.